
PAGKAKAROON NG PANANAMPALATAYA
Aralin 8 para sa ika-23 ng Mayo, 2026




“Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita”

(Hebreo 11:1)


Ang kaalaman tungkol sa Dios, Pag-aaral ng Biblia, at pananalangin ay may isang karaniwang elemento upang makapagbago sa ating buhay: pananampalataya.

Kung walang pananampalataya, itong mga elemento ay nagiging kalaman lamang, o ritwal na walang kahulugan.

Ngunit kung may pananampalataya, ito ay makapangya-rihang mga elemento na magdadala sa atin sa pinakamataas na tugatog ng espiritwal na karanasan: “lahat ng bagay ay posible sa kanya na naniniwala” (Mk. 9:23).







**Iba’t-ibang uri ng pananampalataya:**


- Pananampalataya at tanda
- Ang sukat ng pananampalataya
- Pananampalataya at damdamin

**Ano ang pananampalataya?**


- Paliwanag at pagbuo ng pananampalataya
- Ang pananampalataya ni Jesus

# IBA'T-IBANG URI NG PANANAMPALATAYA

# PANANAMPALATAYA AT TANDA



"Sinabi nga sa kaniya ni Jesus, Malibang kayo'y mangakakita ng mga tanda at mga kababalaghan, ay hindi kayo magsisipaniwala sa anomang paraan.'" (Juan 4:48)



Ang tanda ay isang natatanging marka o pahayag na ibinibigay upang patunayan ang isang mensahe o otoridad. Bagaman karaniwang inuunawa ang tanda na isang mahimalang pangyayari—gaya ng sa kasalan sa Cana (Jn. 2:11)—ang katotohanang nagkampo ang Israel sa harap ng Sinai upang sumamba sa Dios (Exo. 3:12) ay isa ring tanda.

Humiling ang mga Pariseo kay Jesus na magpakita sa kanila ng anomang tanda upang magpatunay na siya ang Mesias, upang maniwala sila sa kanya (Mk. 8:11).



Nairita si Jesus nang humingi sila ng tanda para tabunan ang kawalan nila ng pananampalataya (Mk 8:12). Kung may ayaw maniwala, walang tanda ang makakakumbinse sa kanila.



Nagbigay na ang Dios ng sapat na ebidensya sa Kanyang Salita at sa kalikasan upang ang sinumang nais ay maniwala. Gayunpaman, palaging may puwang para magduda. Kay nagbigay ng espesyal na pagpapala si Jesus  sa "mga hindi nakakita ngunit nanampalataya" (Juan 20:29).

# ANG SUKAT NG PANANAMPALATAYA



"At sinabi ng Panginoon, Kung mangagkaroon kayo ng pananampalataya na kasing laki ng isang butil ng binhi ng mostasa, sasabihin ninyo sa puno ng sikomorong ito, Mabunot ka, at matanim ka sa dagat; at kayo'y tatalimahin" (Lk 17:6)

## May iba't-ibang antas ng pananampalataya:

**Pananampalataya ng mga Apostol**




"Bakit wala kayong pananam-palataya?" (Mark 4:40)

**Pananampala-taya ni Pedro**



"Ikaw na kaunti ang pananam-palataya!" (Mt. 14:31)

**Pananampala-taya ng isang ama**



"tulungan mo ang kakulangan ko ng pananam-palataya" (Mk. 9:24)

**Pananampalataya ng babaeng Cananeo**



"Dakila ang iyong pananam-palataya" (Mt. 15:28)

**Pananampalataya ng isang Sentoryon**



"Wala akong nakitang ganito kalaking pananampalataya kahit sa Israel" (Luke 7:9)

**Pananampaltaya ni Steban**



"lalaking puno ng pananam-palataya" (Gawa 6:5)

Malinaw na lalago ang pananampalataya habang nabubunot ang ugat ng pagdududa. Dapat unti-unting napapalitan ang pagdududa ng pananalig. Ang dapat nating hilingin ay: "palaguin ang aming pananampalataya" (Lk. 17:5).

Sa pamamagitan ng gawain ng Banal na Espiritu, pag-aaral ng Biblia, at ng ating karanasan kasama ang Dios ay ating makikita nag ang ating pananampalataya ay lumalago (2 Th. 1:3).





# PANANAMPALTAYA AT DAMDAMIN

"Sapagka't sa biyaya kayo'y nangaligtas sa pamamagitan ng pananampalataya; at ito'y hindi sa inyong sarili, ito'y kaloob ng Dios." (Efeso 2:8)

**Damdamin ba ang pananampalataya o makatwirang kilos?**





**Mahalaga ang sagot sa tanong na ito. Hindi pareho ang pagsabi ng "PAKIRAMDAM ko ligtas na ako" sa pagsabi ng "ALAM kong ligtas ako."**

**Ngunit magsimula tayo sa simula. Ano ang pinagmulan ng pananampalataya? Mula ito sa Dios at ibinibigay Niya sa atin bilang regalo (Rom. 12:3; Efe. 2:8).**

**Kung tutugon tayo ng positibo sa regalong ito—sa ating pagsimula na manampalataya—nagdudulot ang pananampalatayang ito ng masayang damdamin; kapanatagan; at espiritwal na kaginhawaan; ...**


**Ngunit hindi damdamin ang pananampalataya; ito ay "kasiguruhan" at "pananalig" (Heb. 11:1). Hindi ito nakadepende sa ating pakiramdam. Kung nanghihina ako, o pakiramdam ko na malayo ako sa kaligtasan, dito ako lalong dapat manampalataya.**



# ANO ANG PANANAMPALATAYA


# PALIWANAG AT PAGBUO NG PANANAMPALATAYA






"Ngayon, ang pananampalataya ay siyang kapanatagan sa mga bagay na hinihintay, ang katunayan ng mga bagay na hindi nakikita."
(Hebreo 11:1)






Manampalataya, gaano man ito kaliit (Mt. 17:20)



Mag-aral ng Biblia (Rom. 10:17)



Humiling sa Dios na palaguin ito (Lk. 17:5)




Huwag pagbigyan ang pagdududa (Marcos 9:23-24)



Huwag ibasi ang aking pananampala-taya sa iba (Mt. 25:8)



Tumugon sa Banal na Espiritu (Gal. 5:22)



Ugaliing isakabuhayan ang pananampalataya (2 Cor. 5:7)

Nagbibigay ang Hebreo11:1, 3, at 6 ng malawak na paliwanag sa pananampalataya. Malaki ang kinalaman pananampalataya ang pag-unawa natin sa Dios. Pinapaniwala tayo nito sa Kanya bilang Manlalalang at Tagapagbigay ng regalo.

Sa natitira sa kabanata, ipinaliwanag ni Pablo ang pananampalataya ng mga babae at lalaking naging halimbawa at pampasigla upang hindi tayo madismaya habang naghihitay tayo ng gantimpala.

Gaya ng nakita natin, hindi pareho ang antas ng ating pananampalataya. Paano ko mapapalago ang aking pananampalataya, gaano man ito kalaki?



# ANG PANANAMPALATAYA NI JESUS

"Narito ang pagtitiyaga ng mga banal, ng mga nagsisitupad ng mga utos ng Dios, at ng pananampalataya kay Jesus" (Apocalipsis 14:12)

Tayo, na mga tapat at nabubuhay sa malapit na pagdating ni Jesus, ay kinikilala sa dalawang bagay na dapat nating "ingatan" (iyon ay, sundin o ingatan): ang kautusan at ang pananampalataya ni Jesus (Apoc. 14:12). Ang Kautusan (ang Sampung Utos) at ang ebanghelyo at pananampalataya (faith) ay magkakabuhol. Hindi ka maaaring sumunod kung wala kang pananampalataya, o kaya ay manampalataya kung hindi ka susunod. Ngunit ano ang ibig sabihin ng "pananampalatay ni Jesus"?



- Maging masunurin kay Jesus at Kanyang Salita
- Magkaroon ng araw-araw na karanasan kay Jesus
- Ginagawang sentro si Jesus ng ating buhay
- Mamuhay ayon sa ating pananampalataya
- Ituon ang ating pananampalataya at ibase ang ating pananampalataya kay Jesus
- Sinasalamin natin si Jesus
- Tinatanggap ang biyaya ng Kanyang kaluwalhatian

Sa pananampalataya natin kay Jesus ay magiging matuwid ulit tayo. (Rom. 5:1), pinapaging banal (Gawa 26:18), at naging

"Then trust in the Lord Jesus to lead you step by step into the right path. You can derive assurance and strength at every step you advance, for you can be assured that your hand is in His hand. You can "run and not be weary"; you can "walk and not faint," for you can realize by faith that you have your hand in the hand of Christ. You will not sink under discouragement, for as you follow on to know the Lord, trusting in Him, you will have the assurance that the One who never forsakes those who fully trust Him is your constant Helper."

EGW (Our Father Cares, October 27)